## OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 29, 1996, 9:05 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG PACLASAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Mga Dumalo:

Kgg. Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Batinos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ramilfo G. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo S. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

KAPASYAHAN BLG. 076
Taong 1996

KAPASYAHANG DIREKTANG KINUKONDENA ANG DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS, CALAPAN, SILANGANG MINDORO SA PAGPAPLANO NG MGA PAGAWAING IPINATUTUPAD SA BAYAN NG ROXAS NANG WALANG KONSULTASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA PAMUNUAN NG PAMAHALAANG LOKAL.

SAPAGKA'T ang mga pagawaing-bayan tulad ng mga inpraistraktura ay isinasagawa ng ating pamahalaan batay sa mga pangangailangan ng mga mamamayan at bilang tugon sa mga pangangailangang ito;

SAPAGKA'T ang mga pagawaing pinunduhan ng pamahalaang panlalawigan o nasyonal para sa bayan ng Roxas ay lubos na pinasasalamatan ng pamunuang pambayan at ng mga mamamayan subali't naging kapuna-puna na halos lahat ng mga pagawaing-bayang isinasagawa ay hindi man lang nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa pamahalaang-bayang ito;

SAPAGKA'T ang mga pamahalaang bayan batay sa isinasaad ng RA 7160 ay binigyan ng awtonomiya para sa sariling pamamahala nang naaayon sa batas at sa mga ganitong pagawain ang bayan ng Roxas ay may mga prayoridad na nasasaad sa Local Development Plan;

SAPAGKA'T dahilan sa kawalan ng koordinasyon sa pamahalaang pambayan ang mga proyekto ay hindi nagkakatugma at taliwas ang planong isinasagawa ng Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan (DPWH) sa Local Development Plan;

SAPAGKA'T ang bayan ng Roxas ay maraming inpraistrukturang ipinagawa noong mga nakaraang administrasyon na pinaggugulan ng mahabang panahon at malaking salapi mula sa kabang-yaman ng bayan at sa tulong din ng mga mamamayan at ilang NGOs;

SAPAGKA'T sa puntong ito ang pamahalaang lokal ay mayroon ding mga plano sa mga pagawaing ito ng nakaraang mga pamunuan ng bayan ng Roxas at kung may pagbabagong isasagawa ang pamahalaang panlalawigan o nasyonal ay nararapat lamang na ito'y ikunsulta sa pamahalaang lokal upang magkaroon ng pagkakatugma at pagsang-ayon sa mga plano;

SAPAGKA'T sa matagal nang panahon ng kawalan ng pakikipag-ugnayan ng DPWH sa pamunuan ng bayang ito para sa mga proyektong isinasagawa, ang mga pagawaing ito'y hindi natitingnan at di nabibigyan ng pagsusuri kaya't ang resulta ay di-nagiging katanggap-tanggap sa mga mamamayang gagamit nito;

SAPAGKA'T dahilan sa tahasang pagwawalang-bahala ng DPWH sa kahalagahan ng pananaw na pakikilahok at pagbibigay-kapangyarihan sa mga mamamayan at sa pamunuang lokal sa pagsasagawa ng mga proyekto sa bayang ito, ang buong kapulungan ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay direktang kumukundena sa Department of Public Works and Highways sa pagpaplano ng mga pagawaing ipinatutupad sa bayang ito nang walang konsultasyon at pakikipag-ugnayan sa pamunuan at ang desisyong ito ay ipinaaabot sa kinauukulan para sa kinakailangang aksyon.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ranulfo C. Bernal na pinangawalahan ni Kagawad Jesus B. Dela Cruz -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipadala ang kapasyahang ito sa Kgg. Gregorio Vigilar, Kalihim, Department of Public Works and Highways, Manila at Kgg. Francisco Limsta, Direktor, DPWH, Region IV-B, EDSA, Quezon City para sa kanilang kaalaman at masusing pag-aaral para sa naaangkop at maagap na pagkilos.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Engr. Vicente A. Abutan, Jr., DPWH, Calapan, Silangang Mindoro, Kgg. Sangguniang Panlalawigan at Kgg. Rodolfo G. Valencia, Punong Panlalawigan, Calapan, Silangang Mindoro gayundin ang Kgg. Jesus M. Punzalan, Kinatawan, Distrito II Silangang Mindoro, Kamara, Lunsod ng Quezon para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon sa kapasyahang ito.

Pinagtibay: Hulyo 29, 1996

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUERTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

SAKSI:

JESUS M. BINAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GRACIO I. YASON
Punong Bayan